**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s SPEECH AT THE DISTRIBUTION OF VARIOUS GOVERNMENT ASSISTANCE**

General Santos City
November 23, 2023

[00:00:00]
Kaninang umagang-umaga mayroon na naman palang aftershock. Kaya titignan po natin. Magpapa-report ako sa ating mga official para ma-assess natin, para malaman natin kung ano iyong mga damage, ano iyong mga pangangailangan lalung-lalo na iyong mga nawalan ng bahay mabigyan namin ng tulong.

Nandito po ang DSWD, kasama ko pa si Senator Manny para tumulong sa pagbigay ng assistance para sa ating mga naging biktima dito sa lindol na naramdaman natin. Kaya't nandito po --- ang bibigay po natin syempre iyong mga nasa evacuation center ay inuuna namin para tiyak na mayroong kakainin, may tubig, may water supply at ngayon ay pinaikot natin ang mga tao natin sa DSWD.

Nandito rin ang Secretary ng DILG, ng Local Government, nandiyan si Secretary Benhur. Nandiyan din si Secretary Manny ng DPWH para tingnan iyong mga nasirang kalsada, iyong mga nasirang tulay kung paano natin maipapaayos agad para iyong pagdaloy ng ating mga vehicles, iyong ating mga sasakyan ay maging maayos naman at maiabot natin, maiabot natin iyong mga naging isolated areas para kahit sila ay makakatanggap ng tulong galing sa pamahalaan. Nandito rin po ang Secretary ng DND, ng National Defense pero siya ang namumuno ng NDRRMC, iyong ating disaster relief na ahensya para din titingnan, at titingnan natin kung ano iyong mga pangangailangan.

Kaya hindi po kami aalis dito, ang ating mga different aid agencies, hindi po kami aalis ang mgai'yan hangga't lahat ng mga nangangailangan ay mabibigyan ng atensyon. Kaya po ay ipagpatuloy natin itong pagbigay ng relief supplies, mayroon tayong mga hygiene kit, mayroon tayo pati shelter para iyong mga hindi na makapasok sa bahay dahil --- delikado po iyong mga na-damage na bahay.

‘Pag sinabi po sa --- pag in-assess po na hindi pa masyadong tiyak ay huwag ninyo munang papasukin dahil marami po ang nagiging biktima na akala natin tapos na iyong lindol, papasok kayo sa bahay, magkakalindol habang nasa loob, matatamaan, mababagsakan.

Sa awa ng Diyos ay mayroon naman tayong mga --- iyong ating mga casualty rate ay hindi gaanong kataas pero syempre, bawat isang namatay malaking trahedya para sa ating lahat. Kaya’t gagawin --- asahan ninyo na nandito ang inyong pamahalaan para tutulungan kayo at magsabi lang kayo kung ano iyong inyong pangangailangan at kung kaya namin dalhin sa inyo ay gagawin po namin.

Maraming salamat po. [applause] At kami ay nakabantay. Asahan ninyo lahat ng maaari namin gawin para tulungan kayo dito sa medyo --- dito sa kahirapan na dinadaanan natin ay tutuloy.

Thank you! Maraming salamat po. Magandang tanghali po. [applause]
[00:03:56]

***